| Aralin 7 | الدرس السابع |
|---|---|

# Mga Kundisyon ng *Lá Iláha Illalláh* (patuloy)

## 4. Ang Pagpapaakay

Ito ay ang pagsuko at ang pagpapaakay sa pamamagitan ng pagpapaakay sa ipinahihiwatig ng ***Lá Iláha Illalláh*.** Marahil ang pagkakaiba sa pagitan ng pagpapaakay at ng pagtanggap ay na ang pagtanggap ay ang pagpapahayag ng pagtanggap sa kawastuhan ng kahulugan nito sa pamamagitan ng salita, samantalang ang pagpa-paakay naman ay ang pagsunod sa pamamagitan ng mga paggawa. Kapag nalaman ng isang tao ang kahulugan ng ***Lá Iláha Illalláh*,** naniwala rito nang may katiyakan, at tinanggap ito ngunit hindi naman siya nagpaakay, hindi nagpasakop, hindi sumuko, at hindi niya ginawa ang hinihiling ng kanyang nalaman, tunay na iyon ay wala ring mabuting maidudulot sa kanya. Nagsabi si Allah (39:54): **"At magbalik-loob kayo sa inyong Panginoon at sumuko kayo sa Kanya."** at sinabi pa Niya (4:65): **"Kaya hindi nga, sumpa man sa iyong Panginoon, hindi sila sumasampalataya hanggat hindi ka nila ginagawang tagahatol sa anumang hidwaang namamagitan sa kanila, at pagkatapos ay hindi sila nakasusumpong sa mga sarili nila ng pagtutol sa anumang ihinusga mo at nagpapasakop sila nang tunay na pagpapasakop."**

## 5. Ang Katapatan

Ito ay ang katapatan kay Allah, sa pamamagitan ng pagiging tapat sa pananampalataya at tapat sa Pinaniniwalaan. Nagsabi si Allah (9:119): **"O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Allah at maging kasama kayo ng mga tapat."** Nagsabi naman ang Sugo (SAS): ***"Ang sinumang magsabi ng* Lá Iláha Illalláh *nang tapat mula sa kanyang puso, papasok siya sa Paraiso."*** Samakatuwid, kung binigkas man ng isang tao ang Shahádah sa pamamagitan ng kanyang dila ngunit tinanggihan naman sa puso ang ipinahihiwatig nito, hindi makapagliligtas iyon sa kanya; sa halip ay pumapasok lamang siya sa hanay ng mga Munáfiq. Kabilang din sa sumasalungat sa katapatan ay ang pagpapasinungaling sa anumang ihinatid ng Sugo (SAS) na katuruan o ang pagpapasinungaling sa ilan sa ihinatid niya, sapagkat si Allah ay nag-utos sa atin na tumalima at maniwala sa Sugo(SAS), at iniugnay pa nga Niya iyon sa pagtalima sa Kanya. Sinabi Niya (24:54): **"Sabihin mo: "Tumalima kayo kay Allah at tumalima kayo sa Sugo;"**